
SA: Task Force sa Pagbawi sa Ekonomiya ng San Francisco
MULA SA: Komisyon ng Maliliit na Negosyo sa San Francisco
PETSA: Mayo 13, 2020
RE: Mga Rekomendasyon sa Muling Pagbangon at Pagbawi ng Maliliit na Negosyo

Mga Mahal na Co-Chair Assessor Chu, Treasurer Cisneros, President Fong at Director Gonzalez:

Noong Lunes Mayo 11, 2020, ayon sa awtorisasyon mula kay Mayor London N. Breed, nagdaos ang Komisyon ng Maliliit na Negosyo (ang Komisyon) ng isang Espesyal na Pagdinig na kung saan nagkakaisa kami na bumoto na isumite ang mga sumusunod na rekomendasyon para sa inyong konsiderasyon. Binuo ang mga rekomendasyong ito kasama ang mga maliliit na negosyo, mga grupo ng negosyante, mga organisasyon ng negosyo, at mga tagapagkaloob ng teknikal na tulong. Sa mga susunod na linggo makikipagtulungan kami sa Lungsod upang maitatag ang posibilidad ng mga rekomendasyong ito, at tumulong sa pagsulong at pagpapatupad sa mga ito kung saan man posible.

Dahil mandato ng Komisyon na magtakda ng mga patakaran para sa Lungsod na nagtataguyod sa kalusugan ng ekonomiya ng komunidad ng maliliit na negosyo, kaagad naming isinumite ang dokumentong ito sa Task Force. Bago ang emergency ng COVID-19, ang mga maliliit na negosyo ay nahaharap sa mga malalaking hamon sa San Francisco, at lalong tumitindi ang mga hamong iyon. Mahalaga ang oras para sa karamihan sa mga maliliit na negosyo na kinakatawan namin. Maraming maliliit na negosyo ang nakabitin sa balanse at makakatulong ang mabilis na pagkilos sa mga rekomendasyong ito upang maiwasan ang maramihang permanenteng pagsara.

Bilang karagdagan sa mga rekomendasyong nakabalangkas sa ibaba, nais ng Komisyon na bigyang-diin ang kahalagahan ng naa-access, epektibo, at mahusay na komunikasyon sa komunidad ng maliliit na negosyo. Ito ay partikular na nauugnay sa mga mandatang inisyu ng Department of Public Health (DPH). Mahalagang makipag-ugnay sa mga maliliit na negosyo, sa simpleng wika, patungkol sa mga pamantayan sa pagpapasya, binibigyan ng paunang paunawa bago ipatupad sa kanila ang mga bagong rekisito, at ang mga komunikasyon ay nasa mga wikang maliban sa Ingles sa oras ng paglabas ng mga ito. Bukod dito, para sa mga maliliit na negosyo na kinakitaan ng hindi pagsunod o na hindi karapat-dapat na muling magbukas, dapat na maitaguyod ang isang proseso ng apela.

Nais ding bigyang diin ng Komisyon na ang pamamaraan ng Lungsod sa muling pagbubukas at pagsunod ay dapat na saligan muna sa edukasyon at ayuda. Nais na magpatakbo nang ligtas ang mga maliliit na negosyo sa San Francisco, at nais ng mga ito na maging mabuting tagapangasiwa ng pampublikong kalusugan. Dapat hikayatin ang mga maliliit na negosyo upang humanap ng mga malikhaing solusyon na tumitiyak na ang kanilang mga empleyado at customer ay pinananatiling ligtas. Sa kanilang pagbubukas, muling pagbubukas at pagsisimula, hindi nila dapat danasin ang mga

mabibigat at hindi maayos na proseso na pinagdaanan na nila noon.

Nais din naming ipahayag ang aming malakas na suporta sa Task Force dahil tinitiyak nila na ipinamamahagi nang pantay ang ayuda at suporta. Ang pagkakapantay-pantay ay isang patuloy na problema sa karamihan sa ating komunidad, na matagal nang umiiral bago pa man ang kasalukuyang krisis. Nakikipagtulungan kami sa Task Force upang matiyak na inuuna ang pagkakapantay-pantay sa bagong kabanatang ating pinapasukan.

Sa wakas, nais naming iparating ang aming pag-asa at optimismo sa susunod na darating: mayroon tayong natatanging pagkakataon upang mabago ang ating Lungsod at gawin itong kahali-halina. Kung sama-sama, maaari tayong lumikha ng mga nakamamanghang bagong pampublikong lugar na puno ng mga buhay na buhay na negosyo at espasyo para sa sining. Maaari din nating matiyak na ang mga magagandang espasyong ito ay nagkalat sa buong Lungsod, hindi lamang sa iilang bloke sa iilang distrito. Maaari nating bigyan ng kapangyarihan ang mga negosyo upang mag-eksperimento at subukan ang mga bagong bagay, at bigyan sila ng mga kasangkapang kailangan nila upang magtagumpay. Maaari tayong lumikha ng isang ekonomiyang nagbibigay ng pantay na oportunidad sa lahat ng nagpapatakbo ng negosyo at nais na magsimula ng negosyo, at protektahan ang mga manggagawa habang ginagawa ito.

Hanggang sa abot ng maaari nating sama-samang tahakin patungo sa parehong bisyon, ang sandaling ito ay maaaring maging isang oportunidad upang mas pahasayin pa ang ating Lungsod. Handa ang Komisyon na tulungan ang Task Force sa anumang paraang magagawa natin habang isinasagawa nito ang kritikal at mahalagang gawain sa ngalan ng Lungsod ng San Francisco.

Taos-pusong bumabati,



Sharky Laguana
Presidente
Komisyon ng Maliliit na Negosyo

cc: Melissa Whitehouse, Tanggapan ng Administrador ng Lungsod
Andres Power, Direktor ng Patakarang, Tanggapan ni Mayor London N. Breed
Edward McCaffrey, Manager, Mga Kaugnayang Pang-estado at Pederal, Tanggapan ni Mayor London N. Breed
Mga Miyembro ng Lupon ng mga Superbisor
Clerk ng Lupon
Joaquin Torres, Direktor, Tanggapan ng Pagpapaunlad na Pang-ekonomiya at Lakas-paggawa

Mga Rekomendasyon ng Maliliit na Negosyo para sa Task Force sa Pagbawi sa Ekonomiya

Pangkalahatang Suporta:

- Tiyakin na ang mga self-employed at microbusiness ay kasama sa mga ayuda ng lokal, estado, at pederal sa hinaharap at binibigyan sila ng priyoridad.
- Atasan ang lahat ng lokal na ahensyang pangregulasyon na suriin ang kani-kanilang mga rekisito sa Kodigo at imungkahi ang pag-amyenda o pagbawi sa mga regulasyong hindi na napapanahon, nakaaabala, nakabibigat, o kung hindi man ay nakapigil sa pag-unlad ng negosyo nang hindi kinokompromiso ang kapakanan ng publiko. Dapat mag-ulat ang mga ahensya sa Mayor at Lupon sa loob ng 3-4 na linggo mula nang ilabas ang direktiba.
- Lumikha ng isang one stop shop na partikular para sa suporta sa mga maliliit na negosyo na kung saan ang mga kinatawan mula sa lahat ng ahensyang pangregulasyon (Planning, DPH, DPW, DBI, SFMTA, Fire, at OEWD) ay maaaring magproseso ng lahat ng permit, bayad, at aplikasyon. Dapat magkaroon ng isang "mabilis na linya" upang maglingkod sa mga maliliit na negosyo.

Mga Komunikasyon:

- Tiyakin na ang lahat ng lokal na patnubay, resources, at mga aplikasyon para sa ayuda ay nakasulat sa simpleng wika.
- Tiyakin na ang lahat ng lokal na patnubay, resources, at mga aplikasyon para sa ayuda na nailathala ay magagamit sa mga wikang maliban sa Ingles **sa oras na inilabas ang mga ito**, upang maakses ng lahat ang impormasyon nang pantay-pantay. Kasama dito ngunit hindi limitado sa resources na nailathala sa SF.gov.
- Tiyakin na mayroong isang estratehiya para sa pagbabahagi ng nailathalang patnubay, resources, at mga aplikasyon para sa ayuda sa media.
- Tiyakin na ang impormasyon na nailathala sa online ay maaaring maakses nang sapat sa pamamagitan ng mga mobile device.
- Ipatupad ang isang naka-streamline na estratehiya sa komunikasyon sa lalong madaling panahon. Ang bawat negosyo na nakarehistro sa Lungsod ay dapat na naka-opt in sa isang linya ng komunikasyon na naghahatid sa kanila ng kritikal na impormasyon pagkalabas dito. Maaaring mag-opt out ang mga negosyo kung hindi nila nais na makatanggap ng mga komunikasyon.

Suporta sa Muling Pagbubukas:

- Pabilisin ang mga natanggap na aplikasyon ng mga ahensyang pangregulasyon na nauugnay sa mga maliliit na negosyo sa mga lugar na komersyal (mga Neighborhood Commercial District- mga NCD, at mga Neighborhood Commercial Transit District- mga NCT).
- Ang lahat ng allowance sa muling pagbubukas, tulad ng tinukoy ng Estado at ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, ay dapat maisailalim sa isang proseso ng apela kung saan ang mga negosyo ay maaaring gumawa ng apela upang muling magbukas.
- Ang lahat ng patnubay sa muling pagbubukas ay dapat magagamit ng mga negosyo sa tamang oras, at maaga ng hindi bababa sa isang linggo. Ang mga protocol sa kaligtasan at signage ay dapat magagamit ng mga negosyo sa pamamagitan ng mga toolkit na maaakses online.
- Dapat maitatag ang isang sentralisadong lokasyon na kung saan maaaring pumili ang mga negosyo ng pisikal na signage na hindi nila maaaring ilimbag nang sarili nila.

- Dapat bumili ang Lungsod ng PPE nang maramihan at ang mga maliliit na negosyo ay dapat maaaring kumuha ng PPE mula sa Lungsod. Sa gayon ang mga maliliit na negosyo ay makakabili sa mas mababang halaga at mas kaunti kaysa sa kung sila ay bibili nang sarili nila.
- Tiyakin ang pantay-pantay at abot-kayang akses sa broadband ng mga maliliit na negosyo.
- Magbigay ng teknikal na tulong sa mga negosyong interesado sa pivoting at kung paano nila ito magagawa nang matagumpay.

DBI/Soft-Story:

- Ang umiiral na deadline sa pagsunod para sa Soft Story ay sa Setyembre 15, 2020. Mayroon pang 463 property na kailangang kumumpleto sa trabaho. Palawigin ang deadline ng **dalawang taon** para sa mga property na hindi pa nagsisimula ng konstruksiyon at mga komersyal na espasyong inookupa ng isang aktibong nangungupahan.
- Kung ang mga bar at restaurant ay mananatiling sarado ng isa pang buwan o mas mahaba, unahin at bigyan ng insentibo ang mga nagmamay-ari ng property upang makumpleto ang kanilang mga retrofit na rekisito.
- Magbigay ng ayuda sa gastos sa pagpapatakbo ng negosyo, marahil sa pamamagitan ng mga kredito sa buwis, sa mga negosyong kailangang pansamantalang magsara upang makumpleto ang trabaho. Mahalaga ito lalo na sa mga restaurant, bar, at lugar ng libangan.

Pagpapagaan sa Bayad:

- Tanggalin ang lahat ng bayad na kinokolekta ng mga ahensyang pangregulasyon (DBI, Planning, DPH, DPW, SF Fire Department, SF Police Department) para sa isang taon ng kalendaryo.
- Tanggalin ang lahat ng late fine, at mga penalty na walang kaugnayan sa kaligtasan sa buhay at kinokolekta ng mga ahensyang pangregulasyon para sa isang taon ng kalendaryo.
- Tanggalin ang mga bayad sa aplikasyon at referral na kinokolekta ng lahat ng ahensyang pangregulasyon para sa isang taon ng kalendaryo.
- Tanggalin ang mga bayad sa pagpaparehistro ng negosyo ng isang taon.
- I-refund o mag-apply ng kredito para sa mga permit na binayaran ng mga negosyo ngunit hindi ginamit (hal. parking permit ng kontratista, pansamantalang permit ng DPW, mga permit na may kaugnayan sa libangan- hal. limitadong live na pagtatanghal).
- Tanggalin ang buwis sa property na walang seguro ng mga maliliit na negosyo.
- Bawasan ang mga parking fee na pinangangasiwaan ng SFTMA, ng isang makatuwirang halaga, upang maakit ang mga mamimili sa mga komersyal na lugar.

Gamit ng Lupa:

- Huwag masyadong maghigpit sa mga negosyo sa buong lungsod na naghahangad na lumipat upang mabawasan ang mga buwanang gastos sa komersyal na upa o para sa iba pang mga kadahilanang pang-ekonomiya. Halimbawa, tanggalin ang rekisito sa awtorisasyon ng kondisyonal na paggamit kung mayroon man at punan ng isang rekisito ng notipikasyon sa kapitbahayan.
- Ang lahat ng awtorisasyon sa pansamantalang paggamit ay dapat ipagkaloob para sa mga layuning karagdagan/flex na paggamit na susuporta sa pangangailangan ng isang negosyo upang mag-pivot. Walang aplikasyon ang dapat maging kinakailangan. Dapat bigyan ang mga negosyo ng di-hayangang pahintulot upang makapagdagdag, kung makatuwiran ang mga ito. Kung mayroong mga reklamo, ang mga negosyo ay kinakailangang mag-punan ng isang online authorization form.

- Palawakin ang lehislasyong flex-use upang maging angkop sa buong Lungsod.
- Pansamantalang pahabain ang mga oras na pinapayagan ang mga negosyo na magpatakbo sa kapitbahayan.
- Gawing liberal ang paggamit ng mga allowance sa mga komersyal na lugar upang pasiglahin ang pag-unlad ng bagong negosyo.
- Gawing liberal kung saan ang magaanang pagmamanupaktura ay pinapayagan.
- Baguhin at palawakin ang kahulugan ng formula retail upang luwagan ang mga kasalukuyang restriksiyon.
- Paluwagin ang mga restriksiyon sa mga panlabas na sign upang payagan ang maraming illuminated projecting at non projecting na mga sign. Ang lahat ng *pansamantalang* panlabas na signage ay dapat ganap na pinahihintulutan.
- Pansamantalang suspindihin ang mga Discretionary Revenue ng isang taon.
- Pansamantalang suspindihin ang pangangailangan sa mga awtorisasyon sa kondisyonal na paggamit ng isang taon.
- Hikayatin ang Lungsod na lumikha ng mga plaza at bukas na mga espasyo kung saan posible (posibleng kabilang ang mga lansangan, eskinita, sidewalk, at paradahan) upang mapalawig ng mga negosyo ang kanilang operasyon. Ang SFMTA sa pakikipagtulungan sa DPW ay dapat magmungkahi ng unang hanay ng mga site na kung saan ito ay naaangkop sa loob ng isang buwan.

Pagbabago sa HCSO:

- Dapat suspindihin ang programa ng 1-3 taon at suriin ang paggamit dito at ang anumang isyu na nabanggit sa kawalan nito.

Ayuda sa Komersyal na Rent at Mortgage:

- Dapat magbigay ang Lungsod ng insentibo sa mga may-ari ng property na nagbawas ng upang hindi nabayaran ng kanilang mga komersyal na tenant sa panahong ipinapatupad ang kautusang manatili sa bahay. Isang halimbawa: payagan ang mga may-ari ng property na bawasan mula sa kanilang mga gross receipt ang halaga ng tinanggal o binawasang bayad sa upa ng mga komersyal na tenant sa buong panahong ipinapatupad ang COVID19 State of Emergency, hindi lamang ang SIP o tagal ng panahon ng Moratoryum sa Komersyal na Ebiksiyon.
- Palawakin ang moratoryum sa komersyal na ebiksiyon hanggang sa katapusan ng taon ng kalendaryo.
- Ikonekta ang mga may-ari ng negosyo sa mga libre o murang legal na serbisyo na maaaring magpayo tungkol sa negosasyon sa pag-upa.

Regulasyon ng Pribadong Sektor:

- Pigilan ang masasamang gawain ng mga third party delivery platform, kabilang ngunit hindi limitado sa mga matataas na bayad sa komisyon at pagdaragdag ng negosyo sa platform nang walang pahintulot.

Pagpopondo:

- Dapat gumawa ng pondo sa muling pagbubukas ng mga maliliit na negosyo upang pondohan ang PPE, mga bayad, at anumang iba pang gastos na nauugnay sa muling pagbubukas ng negosyo.

Maaari itong ihalintulad sa resiliency fund na itinatag ng OEWD ngunit mayroon itong \$5k na limitasyon sa bawat negosyo at mayroong starting bucket na \$1 milyon sa pondo.

- Lumikha ng isang grant program na kung saan ang mga merchant corridor organization ay maaaring gawaram ng hanggang \$10k na pondo para sa mga proyekto sa pagpapaganda ng corridor.
- Siyasatin ang posibilidad ng pagtaguyod ng isang rainy-day fund na maaaring magamit upang magbigay ng mga grant at loan sa mga maliliit at lokal na negosyo sa mga oras ng emergency (\$50,000,000 at \$100,000,000).
- Humiling ng pondo sa Legacy Business Program at pabilisin na rin ang proseso ng pag-apruba upang kaagad na mailipat ang mga pondo sa Legacy Business.

Pagtatasa sa Ekonomiya; Koleksyon ng Data at Pagsusuri:

Dapat kolektahin ang sumusunod na data:

- Ang buwanang bilang ng negosyo na nagsara simula noong Marso 13, 2020 hanggang Disyembre 31, 2021 nang ayon sa industriya, NAICS code, neighborhood commercial district, at laki ng empleyado [mga self-employed/sole proprietor na walang empleyado, laki ng empleyado: 1-5, 6-10, 11-25, 26-50, 51-100, 101-500, 500+].
- Pagkalugi sa mga binabayaranang buwis kabilang ang sales, gross receipts, payroll tax, unsecured property tax ng negosyo.
- Bilang ng pagbubukas ng negosyo, ayon sa industriya, pormasyon ng negosyo, laki ng empleyado, at petsa ng pagbubukas.
- Bilang ng negosyo na umaakses sa teknikal na tulong mula sa Lungsod, sa anumang anyo.
- Atasan ang mga delivery app na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga online delivery sales trend.
- Subaybayan ang anumang data na nauugnay sa iba't ibang yugto ng pagbabalik sa normal na operasyon.
- Kunin ang bilang ng mga PPP, EIDL Advance, at EIDL loan at average na halaga na natatanggap ng mga negosyo sa SF, ang bilang na ibinigay sa bawat bangko, at ang average na halaga ng pantang.
- Bilang ng negosyo na lubos na pinatawad ang PPP.
- Bilang ng mga negosyo na gumamit ng mga Employee Credit sa halip na PPP.
- Ang average na haba ng oras na kinailangan ng mga negosyo upang makatanggap ng mga PPP at EIDL loan.
- Kilalanin ang iba pang mga salik na dapat sukatin, kabilang ang: mga bakanteng tindahan, hindi pagbabayad/pagpapahinto sa mga komersyal na renta; hindi pagbabayad/pagpapaliban o mga gastos sa personal na renta/mortgage.